UCF

Merry Christmas

FROM YOUR UCF FAMILY!

For unto us a Child is born, Unto us a Son is given;
And the government will be upon His shoulder.
And His name will be called Wonderful, Counselor, Mighty God,
Everlasting Father, Prince of Peace.

Isaiah 9:6 (NKJV)

Bible Race

JANUARY 27-28, 2023

Galak at masayang pagsasama-sama ang naging karanasan ng bawat isang nakiisa sa Bible Race 2023 na ginanap sa Mt. Tabor Church Re-Creation Center. Layunin nito na ang lahat ng kalahok ay makaranas ng kapayapaan at kagalakang nagmumula sa Diyos. Isang oportunidad din ito upang mailapit ang mga kaluluwa sa Kaniyang paanan at magkaroon din ng masayang karanasan kasama ang kapatiran.

Baon nila hanggang sa kanilang pag-uwi ang mga masasayang alala at kapayapaan sa pamilya ng Diyos. Purihin ang Diyos sa katagumpayan ng programang ito!

Pangako ng Panginoon na kasusumpungin Niya ang Kaniyang mga anak na buong pusong lumalapit sa Kaniya nang mayroong pagsuko ng buhay at pagsunod sa Kaniyang tawag.

Ang ministeryo ng UCA ay isang daan kung saan ang ebanghelyo ay maibabahagi sa mga mag-aaral nito. At ang mga programa tulad ng *Retreat* ay daan upang sila ay sama-samang makapagpuri sa Diyos at magsaliksik sa kalooban ng Panginoon sa kanilang mga buhay. Humigit kumulang 100 kabataan ang nakaranas sa Diyos.

Retreat

JANUARY 4-6, 2023

UCF 36th Anniversary

FEBRUARY 26, 2023

Matagumpay na naipagdiriwang ng mga anak ng Diyos kasama ang mga miyembro at panauhin sa ika-36 na anibersaryo ng UCF sa taong ito. Ang naging selebrasyon ay nagpadama ng pasasalamat, pagmamahal at pagbabalik-sulit sa ating Diyos na buhay. Ito ay isang araw ng pag-alala sa mga kagigilalas na pagkilos ng Diyos sa UCF, kung saan maraming mga buhay ang nabago simula nang sila ay masumpungan ng Panginoon sa pamamagitan ng panambahan.

Ang bawat isa ay nagsisilbing patotoo na ang Diyos ay mabuti at tapat. Bilang mga asin at ilaw ng sanlibutan, nagiging instrumento ang mga manggagawa upang mas marami pang nawawalang kaluluwa ang makakilala kay Hesu Kristo.

Ang puso ng bawat isa ay puno ng galak na lalo pang magpagamit para sa ministeryo ng Diyos sa pamamagitan ng UCF.

UCFTS Recognition

FEBRUARY 5, 2023

Ang mga anak ng Diyos na nais magpagamit sa ministeryo ng Panginoon ay nagpapatuloy sa kanilang masinsinang pag-aaral ng Salita ng Diyos sa tulong ng UCF Theological Seminary. Iginawad ang mga sertipiko para sa mga mag-aaral na nakatapos ng panibagong semestre at nakatanggap ng karangalan. Sa tulong ng ating mga pastor ay nabibigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na mabigyan ng paghuhusay bilang mga manggagawa ng Panginoon upang sila ay maging handa para sa Kaniyang ministeryo.

Malugod na tinanggap ng mga mag-aaral ang kanilang sertipiko patunay na sila ay nagtapos ng panibagong semestre at nakatanggap ng karangalan.

Masayang inalala ng kapatiran ang magagandang ginawa ng Diyos sa nagdaang anibersaryo at sama-sama rin silang nagsalu-salo sa masasarap na pagkain.

Laman ng puso ng bawat isa ang pasasalamat at kagalakan na nagmumula sa Diyos na sumasalamin sa kanilang mga ngiti at tawanan matapos ang pagdaraos ng ika-36 na anibersaryo ng UCF. Masayang nagsama-samang muli ang kapatiran sa *Vikings, SM BF* lalo na at mayroong masasarap na pagkaing kinagiliwan ng lahat. Hindi lamang sila ang nabusog, bagkus mas nabusog ang kanilang puso dahil puno ito ng kagalakan buhat ng panibagong katagumpayang nakamit dahil sa pagsama ng Panginoon.

Thanksgiving Celebration

FEBRUARY 27, 2023

Family Camp

APRIL 8-9, 2023

Idinaos ang taunang *Family Camp* sa UCF sa Mt. Tabor kung saan sama-sama ang bawat isang nagpuri at nakisaya sa presensya ng Panginoon. Dalawang araw na puno ng pananabik at kasiyahan ang naranasan ng mga nagsipagdalong pamilya matapos silang makiisa sa mga palarong sumubok sa kanilang koordinasyon bilang grupo. Mula rito ay iba't-ibang masasayang ala-ala rin ang binaon mula sa bawat karanasan kasama ang kanilang pamilya.

Fellowship & Revival

APRIL 2023

Ang mga *fellowship gathering* ay sinimulan noong Abril upang maitipon ang mga anak ng Diyos at mga tupang nasumpungan at tinawag ng Panginoon. Ang gawain ay hindi limitado sa pisikal na pagtitipon bagkus ay umabot din sa iba't ibang lugar sa pamamagitan ng *Google Meet*. Sa pamumuno ng mga pastor ay naipahayag ang Salita ng Panginoon mula sa kabataan hanggang sa mga may edad. Dito rin mas binigyang importansya ang pagkakaroon ng totoong pananampalataya sa ating Panginoon. Ang pagkilos ng Banal na Espiritu ay kanila ring naranasan.

Mt. Tabor Church Dedication & Construction

MAY 27, 2023

Sa pangunguna ni Punong Pastor Rev. Dr. William Sy kasama ang mga lider ng panambahan ay isinagawa ang pag-aalay ng lupain ng bagong panambahan para sa gawain ng ministeryo. Ipinanalangin ang lupain at buong lugar na maging daluyan ng buhay na Salita ng Diyos, higit sa lahat ay upang malayang maranasan ng mga taong dadako rito ang pagmamahal ng Panginoon. Binuhusan din ito ng *anointing oil* bilang selyo ng lugar at sa bawat manggagawang nakiisa sa gawain.

Sa pamumuno ni Rev. Dr. William Sy ay ipinanalangin ang pagtatayuan ng Mt. Tabor Church bilang pagdedeklara na ang panambahan ay iniaalay sa ating Diyos na buhay.

Matapos ang ilang araw ay mayroon ng mga sementadong poste upang magkaroon ng matibay na pundasyon ang panambahan.

Pulang rosas at munting regalo ang alay sa ating mga ina.

Mother's Day

MAY 14, 2023

Sa espesyal na Araw ng mga Ina, ang panambahan ng UCF ay malugod na naghanda ng munting salu-salo bilang pag-alala sa kanilang wagas na pagmamahal, sakripisyo at pagpapatuloy sa ministeryo. Labis na kagalakan ang siyang bumuhos sa buong lugar na sa munting selebrasyon ay pagbibigay pugay sa mga nanay ang handog.

Adult Fellowship

JUNE 11-12, 2023

Ang Adult Fellowship ay masayang nagtungo sa Calayo, Batangas matapos ang Sunday Worship Service upang magkaroon ng isang makabuluhan at kalugod-lugod na fellowship. Sila ay sama-samang nagtampisaw sa dagat at swimming pool, nagsalu-salo sa masasarap na pagkain, umawit nang buong puso at higit sa lahat ay nagbahagi ng kanilang mga karanasan sa Diyos na nagsilbing kalakasan sa bawat isa. Purihin ang Panginoon sa pagtitipon na ito na lalong nagbuklod sa Kaniyang mga anak!

Masayang naglaan ng oras ang bawat isa mula sa pagsasalo-salo pati narin ang paglangoy sa dagat.

Masayang tinanggap ng mga mag-aaral ang kanilang sertipiko kasama ang mga mahal sa buhay.

Isang espesyal na araw para sa mga mag-aaral ng United Christian Acdemy ang idinaos noong buwan ng Hunyo matapos silang tumanggap ng kaniya-kaniyang mga medalya at *certificate of recognition* para sa kanilang naging pagpapagal para sa buong taon ng pag-aaral. Nakasuporta rin ang kanilang mga mahal sa buhay upang ipagdiwang ang kanilang naging katagumpayan.

UCA 26th Commencement Exercises

JUNE 3, 2023

Bible Study & House Visitation

JUNE - SEPTEMBER 2023

Ang Salita ng Panginoon ay patuloy na naipapalaganap upang maidako ang mga kaluluwa sa paanan ng ating Panginoong Hesus. Ang *Bible Study* na naganap linggo-linggo ay pinangunahan ng mga lingkod at pastor ng UCF. Mga bisita mula sa iba't ibang barangay mula sa Laguna at Cavite na dumadalo sa gawain. Sa mga pagsasamang ito ay maraming kaluluwa ang nakakarinig ng Salita ng Diyos at kanilang nararanasan ang pag-ibig at kabutihan ng Panginoon.

Taon-taon ay ipinagdiriwang sa UCF ang buhay ng mga haligi ng tahanan na kaloob ng tapat na Diyos.

Sa maligayang pagdiriwang ng Araw ng mga Ama, ang pamilya ng UCF ay masayang naghanda ng munting salu-salo noong Linggo, Hunyo 18, bilang selebrasyon at pag-alala sa kanilang pagsisikap, pagtataguyod at pag-ibig para sa kanilang pamilya at mga mahal sa buhay. Salamat sa Diyos para sa buhay ng mga haligi ng ating tahanan!

Father's Day

JUNE 18, 2023

Music and Dance Clinic Recital

JULY 23 AND AUGUST 6, 2023

Sa kanilang pagtuklas ng kanilang mga talento sa musika, ang mga estudyante mula sa *Music Clinic* ay nagkaroon ng opotunidad na maipakita ang kanilang mga natutunan sa pagtugtog ng iba't ibang instrumento at pagsasanay sa UCF *sanctuary*. Nagkaroon sila ng presentasiyon kasama ang kanilang mga naging guro sa musika na nagmula sa UCF *Praise and Worship Team*. Ang programang ito ay tunay na nagbigay ng makabuluhang oras sa bawat lumahok upang mapagbuti pa ang kanilang mga abilidad sa pagtugtog.

Sa Diyos nagmumula ang mga talento kaya nararapat lamang na ibalik sulit ito sa Kaniya.

"I enjoy the ballet class. My favorite part is exercising."

Ptr. William's Birthday

AUGUST 6, 2023

Ang mga miyembro at manggagawa ng UCF ay malugod na pinagdiwang ang kaarawan ng punong pastor na si Rev. Dr. Sy sa Vikings SM BF Parañaque. Sa masagana at masayang salo-salo ng kapatiran, ang buong selebrasyon ay napuno ng pasasalamat sa Panginoon para sa buhay ng Kaniyang lingkod na tinalagang pangalagaan ang panambahang Kaniyang tinawag at ang mga tupa ng Diyos.

UCA 27th Founding Anniversary

AUGUST 14-18, 2023

Panibagong taon muli ang ipinagdiwang ng United Christian Academy upang gunitain ang araw kung saan itinatag ang eskwelahang ginagamit ng Panginoon upang maipahayag ang Kaniyang Salita. Naghanda ng masasayang aktibidades ang mga guro upang maibahagi ng mga mag-aaral ang kani-kanilang mga angking talento.

Iba't ibang talento ang ipinamalas ng mga estudyante mula sa iba't ibang grade level na kinagiliwan naman ng mga mag-aaral ng UCA..

Mt. Tabor Church Dedication

SEPTEMBER 24, 2023

Nagsimula nang opisyal na buksan para sa gawain ng Diyos ang UCF Mt. Tabor Church sa ginanap na *Church Dedication* noong Setyembre. Kasama sa pagdiriwang ang pamilya ng UCF at mga kapatid natin mula sa Cabuyao, Laguna na nakiisa sa pagbubukas ng bagong ministeryo ng Panginoon. Sa pangunguna ng punong pastor na si Rev. Dr. William Sy, inumpisahan ang pagdiriwang sa isang *ribbon cutting* at *anointing of oil* bilang pagdedeklara na ang panambahan na itinayo bilang bahagi ng dakilang plano ng ating Panginoong Diyos.

Nagkaroon ng presentasiyon ang bawat fellowship groups na kanilang alay sa Panginoon.

21st Medical-Dental-Optical-Mission

OCTOBER 7, 2023

Sa bawat pusong nagnanais na maibahagi ang Mabuting Balita at pag-ibig ng Panginoong Hesus, matagumpay na naisagawa muli ang kapaki-pakinabang na gawain ng Diyos. Bagama't naantala dahil sa panganib na dala ng Bulkang Taal, ang UCF ay matibay na tinayuan ang 21st Medical-Dental-Optical Outreach Mission nitong Oktubre 7, sa UCF Mt. Tabor Church. Ito ay dinaluhan ng humigit limang daang mga benepisyaryo.

Kasama din sa gawain ang humigit kumulang 30 mga boluntaryong dentista, optometrista at doktor na nagbigay ng kanilang libreng serbisyo at konsultasiyon.

Pastor's Appreciation

OCTOBER 19, 2023

Ang mga lingkod ng Diyos ay karapat-dapat sa dobleng karangalan para sa buhay na kanilang inilaan sa pagsunod sa Kaniya. Napuno ng pagpupugay sa bawat pastor ang lahat sa walang sawa nilang pagtuturo, paggabay at pagbabahagi ng Mabuting Balita. Sila ay hinandugan din ng mga regalong tanda ng pagmamahal sa kanilang pamamahala sa kawan ng Diyos.

Sa buhay na kanilang araw-araw na iniaalay sa Diyos, kita ng buong panambahan ang kanilang pagsusumikap upang makapagdala ng kaluluwa sa Kaniyang paanan.

Bilang mananampalataya at manggagawa ng Diyos, puso na ng bawat isa ang pagnanais na makasunod sa Kaniyang dakilang kalooban nang mayroong katapatan. Sa tatlong araw na pagsasama-sama ay lalong nabuksan ang isip at puso ng mga dumalo patungkol sa tunay na pagbibigay ng buhay at pagsunod kay Kristo. Ang mga pastor at lider ng panambahan ang siyang nagbahagi ng ilang mahahalagang paksa sa lahat na makatutulong sa ating buhay Kristiyano tulad ng *evangelism*, *discipleship*, *stewardship* at *calling*.

Church Camp

OCTOBER 31 - NOVEMBER 2, 2023

Home Bible Church

NOVEMBER 2023 (ONGOING)

Sa pagbubukas ng panambahan sa Mt. Tabor ay matagumpay ding sinimulan ang *Home Bible Church* (HBC) upang ihayag ang Salita ng Diyos. Ang mga kapatid nating nakakilala kay Hesus Kristo ay nagbukas ng kanilang mga tahanan para sa gawain ng Panginoon upang ang kanilang sambahayan ay makakilala rin sa Kaniya at kanilang maranasan ang nag-uumapaw na kabutihan at katapatan ng Diyos.

Unti-unting dumarami ang dumadalo sa HBC at sila ay naimbitahan na rin sa gawain ng UCF.

Simula nang tayo ay kinasumpungan ng Panginoon, tayo ay namulat sa hangaring magamit sa Kaniyang malawak na ubasan. Sa pagnanais na magampanan ang *vision* at *mission* ng UCF ay nilahukan ng mga *covenant worker* at *member* ang taunang *convention* sa UCF Mt. Tabor Church Re-Creation Center. Napaalalahanan ang lahat na si Hesus ang matibay na pundasiyon natin at mahalagang maunawaan natin ang pangakong ibinigay natin sa Diyos–ang pagpapagamit at paglilingkod sa Kaniya.

Covenant Membership Convention

NOVEMBER 26 - 27, 2023

UCACOA Graduation

DECEMBER 1 & 10, 2023

Isang magandahang kinabukasan ang naghihintay sa mga nagsipagtapos ng *Contact Center Services* NCII mula sa UCA College of Asia. Naging matagumpay din ito sa tulong ni Hon. Gustavo "Gus" Tambunting na siyang nagbigay ng mga *scholarship grant*. Mula Hunyo hanggang Nobyembre, sumailalim sa masusing pagsasanay ang 125 na mag-aaral. Sa pamamagitan ng *online program*, ang mga estudyante ay nabigyan ng oportunidad na mahasa ang kanilang kakayahan at madagdagan ang kanilang kaalaman patungkol sa industriya ng *Business Process Outsourcing*. Ito ay tiyak na magiging susi tungo sa mas maayos na trabaho at paglago ng kanilang mga kinabukasan.

Masayang tinanggap ng mga scholar ang kanilang certificate of training na siyang patunay na sila ay sumailalim sa pagsasanay upang maging ganap at handa sa industriya ng BPO.

UCA Christmas Celebration

DECEMBER 15, 2023

Inalala ng pamilya ng United Christian Academy ang kapanganakan ng ating Panginoong Hesus na Siyang ilaw ng ating buhay. Ginanap ang selebrasyon sa *auditorium* ng paaralan kung saan kasama ng mga bata ang kanilang mga magulang mula sa mga palaro, *raffle* at masarap na kainan. Bukod sa mga estudyante mula sa *face-to-face* ay dumalo rin ang mga mag-aaral mula *online* na siyang kinapanabikan ng lahat. Ang mga estudyante ay nakasuot din ng makukulay na mga damit ayon sa kanilang napiling tema. Sila rin ay nagbahagi ng awit at sayaw para sa Panginoon bilang pasasalamat sa Kaniyang pag-ibig.

UCF MT. TABOR CHURCH
RE-CREATION CENTER

Home Bible Church (HBC)

HBC SCHEDULE IS POSTED WEEKLY ON VOICE OF THE VISION (VOV)

COORDINATE WITH
REV. MORRELL ESTRELLADO, REV, FIDEL DILLO, AND REV. RICARDO JACOB FOR MORE DETAILS

NOW OPEN FOR:

- Church Activities
- Company Gatherings
- Family Reunions
- School Retreats
- Seminars & Events
- Team Building

For inquiries & reservations:
Mt. Tabor Church Recreation Center
09173054929
ucfmttabor@gmail.com

UCA COLLEGE OF ASIA 2008

Funded by CONGRESSMAN GUS TAMBUNTING

TESDA Registered
FREE TRAINING
with Allowance

CONTACT CENTER SERVICES NC II

Become a Competent Call Center Professional

REGISTER NOW

Requirements:
- PSA Birth Certificate
- Diploma
- 18 years old & above
- Resident of Parañaque

17 Highlight St., Area 4, Fourth Estate Subd. Parañaque City
0992-735-6343 • 0917-100-7345

BATCH 8 WILL START ON **DECEMBER 20, 2023.**
FOR OTHER DETAILS, LOOK FOR **REV. RYAN CHRISTIAN TABAY.**



Sunday Worship Service

9:00 AM | UCF SUCAT
3:00 PM | UCF MT. TABOR CHURCH

Bible Race 2024

DATE: January 26-27, 2024

REGISTRATION FEE: PHP 1,500

At UCF Mt. Tabor Church Re-Creation Center

Register to **Sis. Karen Mohammad.**

For more details, kindly approach **Sis. Sheriewyn Lourdes Vallido.**

SCAN THIS QR CODE TO REGISTER.

UCA RETREAT 2024

DATE: January 17-19, 2023

At UCF Mt. Tabor Church Re-Creation Center

Register at
https://cutt.ly/UCARetreatSY2023-2024